
## Gamit para Makaligtas sa Emerhensiya

Tutugon ang mga institusyon ng pamahalaan sa mga sakuna ng komunidad, ngunit maaaring mag-isa ang mga mamamayan nang ilang oras, o kahit mga araw, pagkatapos nang anumang sakuna.



- Sapat na tuyo o de-latang pagkain at inuming tubig para sa tatlong araw para sa bawat tao
- Pambukas ng lata
- Mga suplay at manual para sa pangunang lunas
- Mga kopya ng mga mahalagang dokumento (mga birth certificate, lisensya, policy ng insurance, atbp.)
- Mga espesyal na bagay na kailangan ng mga kapamilya tulad ng: mga gamot, formula para sa sanggol, salamin, contact lens, mga hearing aid, atbp.
- Pamalit na mga damit
- Mga sleeping bag o mga kumot
- Radyo o telebisyon na may mga baterya
- Flashlight at mga ekstrang baterya
- Pito
- Mga posporong hindi nababasa ng tubig
- Mga laruan, libro, laro, puzzle
- Ekstrang mga susi ng bahay at sasakyan
- Pangalan ng mga taong kokontakin at ang kanilang mga numero ng telepono








### Mga karagdagang bagay na maaari mong iimbak sa bahay para magamit sa panahon ng isang emerhensiya

### Mga suplay para sa pagluluto:

- Kalan na pang-camping at/o mga nadadalang ihawan
- Gasolina para sa pagluluto, tulad ng uling o gasolina ng kalan na pang-camping
- Mga plastik na kutsilyo, tinidor, kutsara
- Mga paper plate at baso
- Mga paper towel
- Heavy-duty na aluminum foil

### Mga suplay para sa kalinisan:



- Malaking plastik na bag na lalagyan ng basura para sa basura at/o damit na pamproteksyon sa tubig
- Malalaking basurahan
- Sabong bareta at likidong detergent
- Shampoo
- Toothpaste at mga sipilyo
- Mga suplay na pambabae at para sa sanggol
- Toilet paper
- Bleach sa bahay na walang mga idinagdag, at eyedropper (para linisin ang inuming tubig)
- Diyaryo - para balutin ang basura at dumi

### Kaginhawaan:



- Matibay na sapatos
- Mga guwantes para sa paglilinis ng mga basura
- Tent



### Mga gamit:



- Palakol, pala, walis
- Lyabe para patayin ang gas
- Screwdriver, pliers, martilyo
- Rolyo ng kalahating pulgadang lubid
- Plastik na tape at pilyego (sheeting)
- Kutsilyo o mga blade ng pang-ahit
- Hose sa hardin para sa paghigop at pagpatay ng sunog

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:**

- **Pamamahala ng Emerhensiya sa Estado ng Washington Washington State Emergency Management www.mil.wa.gov/emergency-management-division**
- **Facebook: www.facebook.com/WashEMD**
- **FEMA: www.community.fema.gov**
- **Ready.Gov: www.ready.gov/publications**
- **FloodSmart: www.floodsmart.gov/floodsmart**
- **American Red Cross: www.RedCross.org**
- **Makipag-ugnayan sa opisina ng namamahala sa emerhensiya sa iyong lugar**




**Ang mga komunidad sa Pacific Northwest ay sumasailalim sa maraming uri ng mga sakuna. Habang umaasa tayong hindi kailanman mangyayari ang mga nasabing pangyayari, paulit-ulit itong nangyayari at ang pagiging handa sa mga sakuna ay ang makakabuting gawin.**

- **Magplano**
- **Mga Gamit para sa Pagtatayo**
- **Makipag-ugnayan**
- **Sumali**





**Sinasabi sa atin ng mga eksperto na planuhin ang pag-iisa para sa pinakamababang tatlong araw, ngunit maglaan ng oras upang suriin ang iyong lokasyon, ang mga pangangailangan ng iyong pamilya at tipunin ang mga suplay na kinakailangan upang makaligtas para sa mas mahabang panahon.**

Sangay ng Estado ng Washington sa Pamamahala ng Emerhensiya
(Washington State Emergency Management Division)
20 Aviation Dr. Bldg 20, Camp Murray, WA 98430-5122
www.mil.wa.gov/emergency-management-division
253-512-7000; 1-800-562-6108

## Mga Sunog sa Kagubatan



- Alamin ang lahat ng iyong daan sa paglikas.
- Magdala ng mga gamit na pangsakuna at isama ang mga mahalagang dokumento.
- Abisuhan ang lahat at mag-iwan ng sulat, o (card para sa kokontakin na tao na wala sa lugar).
- Makinig sa iyong radyo at manatiling may kaalaman.
- Magparehistro upang makatanggap ng mga alertong abiso mula sa iyong opisina ng namamahala sa emerhensiya.







## Mga Pagbaha



- Alamin ang lahat ng iyong pang-emerhensiyang daan sa paglikas.
- Magdala ng mga gamit na pangsakuna.
- Abisuhan ang lahat at mag-iwan ng sulat, o (card para sa kokontakin na tao na wala sa lugar).
- Makinig sa iyong radyo at manatiling may kaalaman.
- Bumili ng insurace para sa baha.








## Mga napakalakas na hangin



- Lumayo sa mga bintana at mga nahuhulog na bagay.
- Kung nasa labas ka, pumasok sa loob.
- Lumayo sa mga bumagsak na linya ng kuryente.
- Huwag mag-init o magluto sa mga parilya o hibachi's sa loob ng iyong bahay o sa isang saradong lugar.
- Gamitin nang tama ang mga generator.




## Mga Bulkan/Lahar



- Makinig sa radyo para sa mga tagubilin.
- Kung may maririnig kang sirena...lumipat sa mataas na lugar.
- Alamin ang iyong mga daan sa paglikas; sundan ang mga palatandaan sa paglikas.
- Huwag pumunta sa lugar ng pagsabog.
- Isara ang lahat ng bintana at mga lagusan ng hangin kung mayroong bumabagsak na abo mula sa bulkan at huwag gumamit ng makina.




## Mga Lindol



- Kung nasa loob ka: Dumapa, Magtago at Kumapit – protektahan ang iyong ulo at leeg.
- Kung nagmamaneho ka: tumigil at manatili sa loob ng sasakyan hanggang sa tumigil ang pagyanig.
- Iwasan ang
  - mga tulay
  - mga gusali
  - matataas na puno
  - mga poste ng ilaw




The Great Washington ShakeOut

## Mga Tsunami



Sa beach:

- Kung yayanig ang lupa...dumapa, magtago at kumapit, pagkatapos...tumakbo sa mataas na lugar.
- Kung may maririnig kang sirena…tumakbo sa mataas na lugar.
- Kung mabilis na huhupa ang karagatan mula sa baybayin...tumakbo sa mataas na lugar.
- Alamin ang iyong mga daan sa paglikas; hanapin ang mga palatandaan.

